# Walang Natira (feat. Sheng Belmonte)

## Gloc-9

Napakaraming guro dito sa amin
Ngunit bakit tila walang natira aahhh
Napakaraming nurse dito sa amin
Ngunit bakit tila walang natira aahhh
Nagaabroad sila aahh
Gusto kong
(yumaman, yumaman, yumaman, yumaman, yumaman)
Nagaabroad sila aahh
Gusto kong
(yumaman, yumaman, yumaman, yumaman, yumaman)
Nagaabroad sila ahhh
Yng bayang sinilangan ang pangalan ay pinas
Ngunit bakit parang puno na ang prutas ay pitas
Nauubusan ng batas parang inamag na bigas
Lumalakas na ang ulan ngunit ang payong ay butas
Tumatakbo ng madulas mga pinuno ay ungas
Sila lamang ang nakikinabang pero tayo ang utas
Mga kabayan natin ay lumilipad, lumalabas
Para pumunta ng ibang bansa at doon magtamas
Ng kamay para lamang magkakalyo lang muli
Ang pahingay iipunin para magamit paguwi
Dahil doon sa atin mahirap makuha buri
Mapahiran ng tsokolate ang matamis na ngiti
Ng anak na halos di nakilala ang ama
O ina na wala sa tuwing kaarawan nila
Dadarating kaya ang araw na ito'y magiibaKung hindi ka sigurado mag-isip isip ka na
Napakaraming inhinyero dito sa amin
Ngunit bakit tila walang natira aahhh
Napakaraming karpintero dito sa amin
Ngunit bakit tila walang natira aahhh
Nagaabroad sila aahh
Gusto kong
(yumaman, yumaman, yumaman, yumaman, yumaman)
Nagaabroad sila aahh
Gusto kong(yumaman, yumaman, yumaman, yumaman, yumaman)
Nagaabroad sila ahhhMabuti kung mabuti ang kinakahinatnan
Ang kapalaran ng lahat nang nakipagsapalaran
Kahit nag-aalangan para lang sa kapakanan
Ng mahal sa buhay ang sugal ay tatayaan
Sasanlaan lahat ng kanilang pag-aariMababawi din naman yan ang sabi pagnayari
Ang proseso ng papeles para makasakay na sa eroplano
O barko kahit'saan man papunta.Basta kumita ng dolyar na ipapalit'sa piso

Ang isa ay katumbas ng isang dakot ng mamiso
Ganyan ba ang kapalit ng buhay ng Pilipino
Kung lilisanin ang pamilya ang amo na kahit na sinoGugutumin sasaktan malalagay sa piligro
Uuwing nasa kahon ni wala man lang testigo
Darating kaya ang araw na itoy magiiba
Kung hindi ka sigurado mag-isip isip ka naNapakaraming kasambahay dito sa amin
Ngunit bakit tila walang natira aahhh
Napakaraming labandera dito sa amin
Ngunit bakit tila walang natira aahhh
Nagaabroad sila aahh
Gusto kong(yumaman, yumaman, yumaman, yumaman, yumaman)
Nagaabroad sila aahh
Gusto kong
(yumaman, yumaman, yumaman, yumaman, yumaman)
Nagaabroad sila ahhhSubukan mong isipin kung gaano kabigat
Ang buhat ng maleta halos hindi mo na maangatIhahabilin ang anak para 'to sa kanila
Lalayo upang magalaga ng anak ng iba
Matapos lamang sa kolehiyo matutubos din ang relo
Bilhin mo na kung anong gustong laruan ni angelo
Matagal pa kontrato ko titiisin ko muna 'to
Basta ang mahalaga ito'y para sa pamilya ko
Napakaraming guro dito sa amin
Ngunit bakit tila walang natira aahhh
Napakaraming nurse dito sa amin
Ngunit bakit tila walang natira aahhh
Nagaabroad sila aahh
Gusto kong
(yumaman, yumaman, yumaman, yumaman, yumaman)
Nagaabroad sila aahh
Gusto kong
(yumaman, yumaman, yumaman, yumaman, yumaman)
Napakaraming tama dito sa atin
Hgunit bakit tila walang natira aahhh

Lyrics provided by http://greatlyrics.net/